**David at Goliath**
(1 Samuel 17)



Sa lupain ng Israel, may malaking labanan na nagaganap sa pagitan ng mga Israelita at ng mga Filisteo. Nagtipon ang mga Filisteo sa Soco, habang nagkampo sina Saul at ang mga lalaki ng Israel sa may libis ng Ela. Magkaharap ang dalawang pangkat, na may libis sa pagitan nila at mga bundok sa bawat panig.

Mula sa kampo ng mga Filisteo, lumabas ang isang higante na ang pangalan ay Goliath. Siya ay mas matangkad at malakas kaysa sa sinuman na naroon. Nakasuot siya ng mabibigat na baluti at may hawak na malaking sibat. Hinamon ni Goliath ang mga Israelita na pumili ng isang kampeon upang labanan siya. Ngunit wala sa mga Israelita ang naglakas-loob na humarap at labanan siya. Sila ay natatakot at pinanhihinaan ng loob. Sa loob ng apatnapung araw, ginawa ito ni Goliath umaga at hapon.

Samantala, sa Bethlehem, may isang batang pastol na nagngangalang David. Pinadala siya ng kanyang amang si Jesse, upang dalhan ng pagkain ang kanyang mga nakatatandang kapatid na kasama ni Haring Saul sa pakikipaglaban. Nang makarating sa kampo si David, narinig niya si Goliath na hinahamon ang mga Israelita. Hindi siya makapaniwala na walang may lakas-loob na lumaban dito.

Nagtanong si David kung ano ang magiging gantimpala sa taong magtatagumpay laban kay Goliath. Si Eliab, ang nakatatandang kapatid ni David ay nagalit sa kanya nang makitang nakikipagusap ito sa kanyang mga kasamahan, ngunit hindi ito nakapigil kay David. Nakarating kay Haring Saul ang sinabi ni David kaya't siya ay pinatawag nito. Sinabi ni David kay Haring Saul na siya ang lalaban para sa Diyos at naniniwala siya na tutulungan siya ng Diyos na talunin si Goliath. Sa simula'y hindi sumang-ayon ang hari ngunit sa huli ay nakumbinsi siya ni David.

Ipinasuot ni Haring Saul kay David ang kanyang armor, ngunit masyadong malaki ito. Kaya't hinubad ni David ang armor, dinampot ang kanyang tungkod, dumampot ng limang makikinis na bato sa may sapa at nilagay ito sa kanyang sisidlan. Dala ang kangyang tirador, lumakad si David upang harapin si Goliath.

Nang makita ni Goliath ang kanyang makakalaban, nilait at pinagtawanan niya si David. Matapos marinig ang sinabi ni Goliath, idineklara ni David na siya ay dumating sa pangalan ng Panginoon upang talunin siya.

Habang patuloy ang paglapit ni Goliath, patakbo naman siyang sinalubong ni David. Dumukot ng bato sa kanyang sisidlan at tinirador si Goliath. Tinamaan at bumanon ang bato sa noo ni Goliath, at ang higante ay bumagsak sa lupa. Pagkatapos, kinuha ni David ang sariling tabak ni Goliath at pinatay ito. Nang makita ng mga Filisteo na napatay ang kanilang kampeon, sila ay tumakas at nagtakbuhan. Hinabol sila ng mga Israelita, at nagtagumpay sila sa labanan.

PHILIPPINE BIBLICAL WORLDVIEW FOUNDATION INC.
2015

Ang Diyos ang pinagmumulan ng katapangan ng bawat nagtitiwala sa Kanya. Ipinakita ni David ang pambihirang lakas ng loob at katapangan nang kalabanin si Goliath. Si Goliath ay isang mabigat na kalaban na nagdulot ng takot sa puso ng hukbong Israelita. Sa kabila ng kabataan at kawalan ng karanasan ni David sa labanan, matapang niyang nilabanan si Goliath, dahil siya ay lumaban para sa Diyos.

